

# Tigdas

Pagprotekta sa mga bata laban sa tigdas gamit ang bakunang MMR

Ang bilang ng mga batang nagkakatigdas sa UK ay ang pinakamataas na antas na nakita sa loob ng higit na sampung taon. Upang maging protektado, kailangan ng bata ng dalawang dosis ng bakunang MMR (bakuna laban sa Tigdas, Biki at Rubella). Ang mga batang may anumang edad na hindi nagkaroon o nakalaktaw ng pagbabakunang MMR ay maaari pa ring magpabakuna upang sila ay maprotektahan laban sa pagkaroon ng impeksyon ng tigdas.

## **Bakit tumataas ang insidente ng tigdas?**

Sa kalagitnaan ng dekada 90, ang pagkalat ng tigdas sa UK ay nahinto ng mataas na pagtanggap (uptake) ng bakunang MMR. Mula noong 1998 ang mga pahayag ng ilang mga tagasaliksik tungkol sa kaligtasan ng bakuna ay nakatanggap ng malaking atensyon sa press (mamamahayag) at media. Kahit na ang mga pahayag na iyon ay lubos na itinakwil, ang mga anak ng marami sa mga magulang na nagpasya laban sa bakunang MMR sa panahong yaon ay nananatili pa ring hindi nababakunahan. Ang pagtanggap ng bakuna ng mga batang pre-school (wala pa sa elementarya) ay malapit na ngayon sa matataas na antas na nakita sa kalagitnaan ng dekada 90. Gayon pa man, natantiya na mayroong humigit-kumulang sa 80,000 batang pumapasok sa paaralan sa Wales ang nakalaktaw ng isa o dalawang dosis ng bakunang MMR. Mas madaling kumalat ang tigdas sa mga nasa mas nakakatandang mga grupong ito.

## Malubha ba ang tigdas?

Oo, ang tigdas ay maaaring malubha at sanhi ng virus na lubhang nakakahawa. Halos lahat ng taong nakakakuha ng tigdas ay magkakasakit nang may mataas na lagnat at butlig-butlig (rash). Sa pangkaraniwan, kailangang manatili sa kama ng batang may tigdas ng mga limang araw at hindi makakapasok sa paaralan ng mga sampung araw. Ang mga nasa edad (adults) ay malamang na magkakasakit nang mas mahabang panahon.

Humigit-kumulang sa isa sa bawat 15 katao na mayroong tigdas ang magkakaroon ng mas malubhang mga komplikasyon. Maaaring kabilang dito ang pagtatae, mga impeksyon sa tainga, mga impeksyon sa dibdib, pangingisay (fit), encephalitis (pamamaga ng utak), at pinsala sa utak. Ang tigdas ay nakamamatay at sa buong mundo, may 200,000 bata ang namamatay bawat taon dahil sa tigdas.

## Maaari bang mamatay ang aking anak dahil sa tigdas?

Ipinapakita ng mga pag-aaral na sa bawat 1,000 kataong nagkakaroon ng tigdas, isa hanggang tatlo ang bilang ng namamatay sanhi ng impeksyon o ng mga komplikasyon nito.

Nakapanlulumo ang pangyayaring dalawang tao ang namatay dahil sa tigdas sa UK noong hindi pa kalaunang mga taon. Isang 13 taong gulang noong 2006 at isang 17 taong gulang noong Hunyo 2008 – silang dalawa ay nagkaroon ng problema sa kanilang mga immune system (sistema ng kabal) kaya hindi sila nagkaroon ng bakunang MMR.

Sa pamamagitan ng maiging pagbabakuna sa pangkalahatang populasyon, ang mga bata na tulad yaong mga batang madaling magkaroon ng impeksyon ay mas maiging mapoprotektahan laban sa tigdas, biki at rubella.

## Nanganganib ba ang aking anak?

Ang tigdas ay isa sa mga pinakanakakahawang mga sakit na nakikilala. Ang pag-ubo o pagbahin ay nakakapagkalat ng virus na tigdas sa isang malawak na lugar. Sapagkat ito ay lubhang nakakahawa, ang iyong anak ay haharap sa pangbuong-buhay na panganib sa pagkakaroon ng tigdas kung siya ay hindi protektado ng pagpapabakuna. Kaya malamang na hindi maglalaon at ang iyong anak ay magkakatigdas kung siya ay mananatiling di-protektado.

Ang pinakamalaking panganib ay nasa mga batang walang natanggap na bakunang MMR. Kailangan ng mga batang nagkaroon lamang ng iisang bakuna ang pangalawang dosis ng bakuna upang makumpleto ang buong proseso at upang masigurong sila ay ganap na protektado. Ang ibang bata ay hindi maaaring magkaroon ng bakunang MMR dahil sila ay may mga kondisyong nagpapahina ng immune system, gaya ng leukemia. Ang mga batang ito ay mapoprotektahan lamang kung may sapat na malulusog na bata ang nabakunahan upang mahadlangan ang pagkalat ng tigdas.

## Ano ang dapat kong gawin?

Ang pinakaligtas at pinaka-epektibong paghadlang sa tigdas ay ang pagsiguro na ang iyong anak ay ganap na nabakunahan ng bakunang MMR. Ang iyong anak ay dapat na regular na mabakunahan sa edad na 13 buwan at sa isa pang pagkakataon sa edad na tatlong taon at apat na buwan o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito. Kung nalaktawan ng iyong anak ang isa (o dalawa) sa mga pagbabakunang ito, dapat kang makipag-ugnay sa iyong Pangkalahatang Doktor (GP) upang magtakda ng tipanan (appointment) para sa pagpapabakuna.

Mahalagang makumpleto ng iyong anak ang buong proseso ng MMR at ito ay may dalawang pagbabakuna. Kailanman ay hindi pa huli upang mapabakunahan ang iyong anak.

**Hindi ko maalala kung nagkaroon na ng bakunang MMR ang aking anak o hindi pa**

Tingnan ang personal na talang pangkalusugan ng iyong anak (ang Pulang Libro). Maaaring ito ay may tala ng kung aling mga bakuna ang natanggap na ng iyong anak. Kung hindi ka pa rin sigurado, makipag-ugnay sa iyong Pangkalahatang Doktor at humingi ng payo sa kanya.

Kung may anumang pag-aalinlangan, mas maiging magpabakuna. Ang karagdagang dosis ay hindi nagdudulot ng seryosong panganib sa kalusugan ng iyong anak kung sila ay nagkaroon na ng isa o kahit na dalawang bakunang MMR.

Ang aking anak ay nagkaroon ng iisang bakuna laban sa tigdás, biki at rubella, maaari pa rin ba siyang makatanggap ng bakunang MMR?

Oo, kung ang bata ay hindi pa nabakunahan laban sa alinman sa mga sakit na ito, inirerekomenda namin ang dalawang dosis ng MMR. Kung ang mga magulang ay hindi sigurado kung ang kanilang mga anak ay epektibong napoprotektahan ng iisang bakuna, ang bakunang MMR ay maaari pa ring ibigay sa kanila. Ligtas para sa iyong anak ang pagkakaroon ng dalawang dosis ng bakunang MMR kahit na ang ibang mga iisang pagbabakuna ay naibigay na. Maaari mo itong talakayin sa iyong doktor, tagapagbisitang pangkalusugan o nangangalagang nars.

Ikinababahala ko pa rin ang tungkol sa pagbigay sa aking anak ng tatlong bakuna sa iisang iniksyon

Ang immune system ng bata ay tila ginawa upang makakatugon sa malawak na hanay ng mga mikrobyo at impeksyon mula noong siya ay isilang hanggang sa kanyang paglaki. Ang pagtugon sa mga pagbabakuna ay gumagamit lamang ng isang maliit na bahagi ng likas na kakayahan sa pagtugon sa isang hamon sa kabal sa sakit (immunity) - kahit na ang paggapang sa sahig ay sadyang isang mas malaking hamon sa kanyang immune system kumpara sa kinumbinang mga bakuna gaya ng bakunang MMR.

Ang pagkaroon ng proseso o hanay ng dalawang dosis ng bakunang MMR ay magpoprotekta sa iyong anak laban sa tatlong sakit na tigdás, biki at rubella. Ang tatlong sakit na ito ay maaaring, sa partikular, magkaroon ng malulubhang kahihinatnan sa mga dalaga't binata.

## May mga side effect ba ang pagpapabakuna laban sa MMR?

Lahat ng pagpapabakuna ay nakakapagdulot ng di-malubhang mga side effect, gaya ng kirot o pamamaga (soreness) sa bahaging tinurukan ng iniksyon. Ang tatlong virus na nasa bakunang MMR ay kumikilos nang hindi magkakasabay (sa iba't ibang pagkakataon) at maaaring bumuo ng sumusunod na mga side effect pagkatapos ng unang dosis:

- anim hanggang labing-isang araw pagkatapos ng imunisasyon (pagbibigay kabal), humigit-kumulang sa isa sa sampung bata ang maaaring magkaroon ng di-malubhang lagnat at ang iba ay nagkakaroon ng tila tigdas na butlig-butlig at tinatanggihan nila ang pagkain. Ito ay maaaring mangyari kapag ang tigdas na bahagi ng bakuna ay nagsisimulang gumana, at karaniwang tumatagal ng dalawa hanggang tatlong araw;
- humigit-kumulang sa isa sa bawat 1,000 nabakunahang bata ang maaaring makaranas ng pangingsay dulot ng lagnat. Ito ay tinatawag na 'febrile convulsion' (kombulsiyong dulot ng lagnat), at maaaring sumunod sa lagnat dulot ng anumang dahilan, hindi lamang ng pagbabakuna. Gayon pa man, kung ang batang hindi pa nababakunahan ay magkatigdas, siya ay limang beses na mas malamang na makakaranas ng pangingsay;
- madalang na ang mga bata ay magkaroon ng tila tigdas na mga sintomas (lagnat at namamagang mga glandula) mga dalawa hanggang tatlong linggo pagkatapos ng kanilang imunisasyon dahil ang biki na bahagi ng bakuna ay nagsisimulang gumana;
- napakadalang na ang mga bata ay magkaroon ng butlig-butlig sa loob ng anim na linggo pagkatapos ng pagbabakuna. Ito ay karaniwang mag-isang nalulutas. Kung makakita ka ng mga singaw na ganito, dalhin ang iyong anak sa doktor upang ipatingin. Sasabihin sa iyo ng doktor kung paano mo pakitunguhan ang butlig-butlig; at
- mas kaunti pa kaysa sa isang bata sa bawat isang milyon ang nagkakaroon ng encephalitis (pamamaga ng utak) pagkatapos ng pagpapabakuna at napakakaunti ng ebidensiya na talagang dulot ito ng bakuna. Gayon pa man, ang panganib ng pagkakaroon ng encephalitis pagkatapos magkatigdas ay nasa pagitan ng isa sa 200 at isa sa 5,000.

Matatalakay ng iyong doktor, nangangalagang nars o tagapagbisitang pangkalusugan ang mga isyung ito nang mas detalyado.

## Paano naman ang ukol sa mga reaksiyon matapos ang pangalawang bakunang MMR?

Parehong mga reaksiyon na nakalista sa itaas ang mararanasan, ngunit ang mga ito ay mas malamang na hindi mangyayari.

## Ikinababahala ko pa rin na ang bakunang MMR ay makakapagdulot ng autism

Ang bakunang MMR ay pangmalawakan at ligtas na ginagamit sa buong mundo nang higit 30 taon. Higit sa 500 milyong dosis ang naibigay sa mga bata sa higit sa 100 bansa. Ang kauna-unahang pag-aaral ay nagrekomenda ng kaugnayan ay ganap nang itinatakwil ngayon. Lubhang napakalaking pananaliksik ang nagawa upang maimbestigahan ang sinasabing kaugnayan at sa ngayon ay mayroon nang napakalaking ebidensya na ang bakunang MMR ay hindi nagdudulot ng autism. Ang bakunang MMR ay kasing ligtas ng ibang pangkaraniwang mga bakuna na ibinibigay natin sa ating mga anak upang protektahan sila laban sa malulubhang nakakahawang mga sakit.

## Allergic sa itlog ang aking anak – maaari ba siyang magkaroon ng bakunang MMR?

Ang bakunang MMR ay ligtas na maibibigay sa mga batang may malubhang allergy (reaksyong anaphylactic) sa itlog. Kung ikaw ay may anumang pag-aalala, kausapin ang iyong nangangalagang nars, tagapagbisitang pangkalusugan o doktor.

Ang bakunang MMR ang pinakaligtas na paraan upang maprotektahan ang iyong anak laban sa tigdás at mapoprotektahan mo sila laban sa biki at pati na rin sa rubella

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Maaari kang makipag-usap sa iyong doktor, tagapagbisitang pangkalusugan o nangangalagang nars, o tumawag sa **NHS Direct Wales sa 0845 46 47.**

Bumisita sa: **[www.mmrthefacts.nhs.uk](http://www.mmrthefacts.nhs.uk)** at **[www.immunisation.nhs.uk](http://www.immunisation.nhs.uk)**  
(para sa detalyadong impormasyon tungkol sa bakunang MMR na nagtataglay ng tigdas.)

Ang polyetong ito ay maaaring makuha sa Welsh Assembly Government immunisation website:

**<http://new.wales.gov.uk/topics/health/protection/immunisation/leaflets/?lang=en>**

at sa sumusunod na mga wika:

Arabic  
Bengali  
Bulgarian  
Chinese  
Czech  
English  
Farsi  
French  
Gujerati  
Hindi  
Kurdish (Sorani)  
Lingala  
Polish  
Portugese  
Punjabi  
Russian  
Somali  
Spanish  
Swahili  
Urdu (Naskh)  
Vietnamese

Ang karagdagang mga kopya ng polyetong ito ay maaaring makuha sa Welsh Assembly Government Publications Centre sa pamamagitan ng e-mail:

**[assembly-publications@wales.gsi.gov.uk](mailto:assembly-publications@wales.gsi.gov.uk)**

o sa pamamagitan ng pagtawag sa 029 2082 3683 (mula 8AM hanggang 5PM Lun-Biy)

Ang anumang katanungan tungkol sa polyetong ito ay maaaring direktang ipaabot sa:

Health Protection Division  
Welsh Assembly Government  
Cathays Park  
Cardiff  
CF10 3NQ

Tel:  
029 2082 5397 o  
029 2082 5410